# MGA MAPAGKUKUNAN NG KONSUMIDOR

CALIFORNIA DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

Ang California Department of Consumer Affairs (DCA) ay nagkakaloob ng bukod-tanging pansuportang serbisyo, pangangasiwa, at inobatibong mga solusyon sa mga lupon at kawanihan na nangangasiwa sa mga propesyonal at bokasyon sa California upang maging may alam, binigyang lakas, at protektado ang lahat ng taga-California sa pamamagitan ng partnership na ito. Ang mga entidad ng DCA ang nagkokontrol sa higit 3.4 milyong may lisensya sa higit 280 propesyon at trabaho, mula sa mga arkitekto at barbero hanggang sa mga beterinaryo at bokasyonal na nars.

Nag-aalok ang DCA ng iba't ibang mapagkukunan para makakuha ng impormasyon ang mga konsumidor tungkol sa Kagawaran, sa mga lupon at kawanihan nito, at mga lisensyadong propesyon at negosyo. Tingnan ang anumang link na nakalista rito!

DCA WEBSITE:
**WWW.DCA.CA.GOV**

## PAGHAHANAP NG LISENSYA

Bago magnegosyo, beripikahin na nasa mabuting katayuan ang lisensya ng propesyonal o kumpanya sa pamamagitan ng paggamit ng libreng online na search tool ng DCA. Naka-optimize para sa mga mobile device at tablet, ang user-friendly na tool na ito ay nagbibigay ng real-time na impormasyon sa katayuan ng lisensya, na nakakatulong sa iyo na gumawa ng mga may kabatirang desisyon.

WEBSITE NG DCA SA PAGHAHANAP NG LISENSYA:
**HTTPS://SEARCH.DCA.CA.GOV**

## CONSUMER INFORMATION CENTER

Ang payo sa konsumidor ay isang libreng tawag lang—makipag-ugnay sa Consumer Information Center ng DCA para sa tulong. Available ang staff Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., at makakapagbigay ng tulong sa higit 200 wika.

NUMERO NG TELEPONO NG CIC:
**(800) 952-5210**

## MGA PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG

Ang mga lupon at kawanihan ng DCA ay nagsasagawa ng mga pagpupulong na bukas sa publiko. Ang kalendaryo ng mga pagpupulong ng DCA ay nagpapakita ng mga inabisong pagpupulong ng lupon at kawanihan, paano dumalo o ma-access ang pagpupulong, at iba pang mahalagang detalye ng pagpupulong.

WEBSITE NG MGA PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG:
**WWW.DCA.CA.GOV/WEBAPPS/EVENTCAL.PHP**

# MGA MAPAGKUKUNAN NG KONSUMIDOR

CALIFORNIA DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

## CONSUMER CONNECTION

Ang libreng magazine ng DCA na *Consumer Connection* ay nagtatampok ng mga kailangang malamang balita ng mga konsumidor sa California. Mag-subscribe sa pamamagitan ng pag-email sa **ConsumerConnection@dca.ca.gov** o pagtawag sa (916) 574-7370, o pagbasa ng magazine online!

WEBSITE NG CONSUMER CONNECTION:
**WWW.DCA.CA.GOV/PUBLICATIONS/NEWSLETTER**

## OPEN DATA PORTAL

Mahilig ka ba sa mga numero? Ang portal na ito ay naglalaman ng mga pang-istatistikang data sa isang madaling gamiting format na sumasaklaw sa maraming pangunahing aktibidad ng DCA tulad ng paglilisensya, mga renewal, aplikasyon, at pagpapatupad. Ang portal ay nagbibigay ng access para makita, maka-interact, maanalisa, at ma-download ang data para sa anumang lupon o kawanihan ng DCA.

DATA PORTAL WEBSITE NG DCA:
**WWW.DCA.CA.GOV/DATA**

## VIDEO

Tingnan ang video content—naka-archive na mga pagpupulong ng lupon at kawanihan, impormasyon tungkol sa konsumidor, mga gabay kung paano gawin ang mga bagay-bagay, at marami pa—sa YouTube channel ng DCA.

YOUTUBE WEBSITE NG DCA:
**WWW.YOUTUBE.COM/CALIFORNIADCA**

## ANG DCA PAGE

Ang *DCA Page* ay isang one-stop shop para sa mga pinakabagong release, live webcast, istorya, at iba pang impormasyon na nauugnay sa DCA at sa mga lupon at kawanihan nito.

DCA PAGE WEBSITE:
**WWW.THEDCAPAGE.BLOG**

I-scan ang code na ito gamit ang iyong telepono upang bisitahin ang website ng DCA.

I-FOLLOW ANG DCA SA SOCIAL MEDIA!

**WWW.FACEBOOK.COM/CALIFORNIADCA**

**WWW.TWITTER.COM/CALIFORNIADCA**

Nirebisa: 3/17/23 PDE_23-112